

# Tulong sa Paglinis at Pag-sanitize

---

**Release Date: Oct 15, 2022**

Kung nasira ang iyong tahanan ngunit maaari kang manirahan dito nang ligtas, maaaring makapagbigay ang FEMA ng hanggang \$300 sa isang beses na tulong pinansyal upang tumulong sa paglilinis. Ang tulong na ito ay para sa mga kwalipikado na may-ari at umuupa.

Maaari kang maging kwalipikado para sa tulong ng FEMA kung matutugunan mo ang sumusunod na pamantayan:

- Ang iyong pangunahing tahanan bago ang kalamidad ay dapat nasa isa sa 26 na mga county na itinalaga para sa Indibidwal na Tulong;
  - Brevard, Charlotte, Collier, DeSoto, Flagler, Glades, Hardee, Hendry, Highlands, Hillsborough, Lake, Lee, Manatee, Monroe, Okeechobee, Orange, Osceola, Palm Beach, Pasco, Pinellas, Polk, Putnam, Sarasota, Seminole, St. Johns, Volusia.
- Batay sa isang inspeksyon ng FEMA, ang iyong tahanan ay may pinsala sa sakuna; o kung ikaw ay isang nangungupahan, ang inspeksyon na nabanggit na mga aksyon sa paglilinis ay kailangan o nagawa na.
  - Kung nakapaglinis ka na, itago ang iyong mga resibo mula sa anumang mga supply, materyales o bayad sa pagtulong.
- Ang pinsala ay hindi sakop ng iyong insurance.
- Tinutukoy ng FEMA na ang iyong pangunahing tirahan na napinsala ng sakuna ay ligtas na tirahan.



**FEMA**

Page 1 of 1